**Pamagat**: Mula sa Kadiliman Patungo sa Liwanag

**Texto**: "Who hath delivered us from the power of darkness, and hath translated us into the kingdom of his dear Son:" (Col. 1:13) [*The Son of His love*]
Pagsasalin: Siya ang nagligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kadiliman, at naglipat sa atin sa kaharian ng kanyang pinakamamahal na Anak. [*Ang Anak ng kanyang pag-ibig*]

**Panimula**:
1. Ang texto po natin sa v.13 at v.14 ay patungkol sa kaligtasan o pagbabagong-loob, ang likas na katangian ng pagbabagong-loob, at kung papaano ito maaring makuha.
2. Pansinin nating ang v.12 (Na nagpapasalamat sa Ama, na ginawa niya tayong karapat-dapat na makabahagi sa pamana ng mga santo sa kaliwanagan.) Ito ay gawa ng Diyos, at ang Diyos lamang ang pwedeng magbigay sa atin ng kaligtasan at panibagong-loob.
3. Ang lengguwahe na ito ay patungkol sa pagkabihay o pagkabilanggo. Isang karanasan na hindi naman gusto ng mga nakabihag. Ito rin ay lengguwahe ng kamangmangan na itinataguyod ng kapangyarihan ng kadiliman. (2 Cor. 4:4 – binulag ng diyos ng sanglibutang ito ang kaisipan ng mga hindi sumasampalataya). [Hindi alam ang Diyos, ang sarili, ang patungkol sa kasalanan, buhay na walang hanggan, kabayaran ng mga kasalanan, …]

**I. Ang Kaligtasan ay Isang Beses para sa Lahat ng mga Kaganapan**.
1. "Siya ang nagligtas sa atin…" (v.13). Kapag na ligtas ka sa kapangyarihan ng kadiliman at nailipat ka sa kahariaan ng Anak – ito ay isang beses lamang at magpakailanman.
2. Napakalaki at napakatindi ang pagbabago – walang bumabalik sa kadiliman. Ito ay biglang pagpapalaya ng Diyos galing sa kalagayan ng piitan ng kadiliman.
3. Maari na matagal o may kahabaan ang kaalaman patungkol sa kaligtasan, pero sa sandali ng kaligtasan, ang pagpapalaya ng kaluluwa ay saglit. (pambuhay na panahon) (Jn. 9:25).

**II. Ang Kaligtasan ay Gawa ng Iba**.
1. "Siya ang nagligtas sa atin…" (v.13). Hindi ko pwedeng ilagtas ang sarili ko. At Hindi rin ako pwedeng iligtas ng kahit sino lamang.
2. Maari nga na tinatanggap nalang ng nakabihag ang kanyang kaawawang kalagayan. Nasanay na sa kanyang kondisyon. Nakumbinsido siya na okay nalang siya na ganyan ang buhay. Nakakatakot ang lumabas sa kulungan ng kadiliman.
3. Pansinin natin itong kulungan ng kadiliman. Ang buhay sa loob ay nakakatakda, o limitado. Ang pinagiisipan ay ang sarili lamang, puros matiriales, makasarili, makaramot,pagmamataas at pagmamalaki ng sarili. Ang bubong nitong kulungan ay napakaitsi. Hindi ka pwedeng magkaroon ng kalayaan, walang kang alam patungkol sa mga espirituwal na bagay.
4. Ang kalagayan pala ng lahat ng mga hindi ligtas ay nakakulong. Kailangan natin ng Tagapagligtas.

**III. Papaano Tayo Iniligtas ng Diyos?** (v.14) Sa kanya ay mayroon tayong katubusan sa pamamagitan ng kanyang dugo, ang kapatawaran ng mga kasalanan.
1. Tayo po ay nahatulan. Na sailalim ng kanyang banal na galit at sumpa.
2. Dumating ang ating Panginoong Jesu-Cristo at ipinasan sa kaniya ang lahat ng ating mga kasalanan. (Isa. 53:3) (lahat ng ating kahihiyan at pagkakasala ay tinganggal ng Panginoong Jesus.

**Katapusan**:
A. Napakasama na manatili sa kapangyarihan ng kadiliman. Napakasaya ang kalayaan at buhay na ibinigay sa atin ng Panginoon.
B. Tanggapin natin ang Panginoong Jesus, magsisi at sumampalataya na sa kanya lamang!
(Jn. 8:36 – Kaya kung ang Anak ang magpapalaya sa inyo, talagang magiging malaya kayo).